



¡Adorada sea la Santa Faz de Nuestro Señor Jesucristo!
IGLESIA CRISTIANA PALMARIANA
DE LOS CARMELITAS DE LA SANTA FAZ
 Residence: "Finca de Nuestra Madre del Palmar Coronada", Avenida de Jerez, Nº 51,
 41719 El Palmar de Troya, Seville, Spain
 Apartado de correos de Sevilla 4.058 — 41.080 Sevilla (Spain)



Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmaryanong Simbahan

SAGRADO APOSTOLIKONG KAUTUSAN

Maluwalhating Palmaryanong Banal na Taon ng Ating Ina ng Palmar Koronada 2022

Kami, Pedro III, Soberenyang Papa, Bikaryo ni Kristo, Kahalili ni San Pedro, Alipin ng mga Alipin ng Diyos, Patriarka ng El Palmar de Troya, de Glória Ecclésiæ, Mensahero ng Panginoon ng Diyos ng mga Hukbo, Mabuting Pastol ng mga kaluluwa, Nag-aalab sa Sigasig ni Elias at Tagapagtanggol ng mga Karapatan ng Diyos at ng Simbahan.

Sa pamamagitan ng kasalukuyang Kautusan, ay ipinaaabot namin sa lahat ng mananampalatayang mga anak ng Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmaryanong Simbahan:

Kami, bilang Unibersal na Doktor ng Simbahan, na may awtoridad ng Ating Panginoong Hesukristo, ng Banal na mga Apostoles Pedro at Pablo, at ng Aming sariling personal na awtoridad, ay solemneng nagpapahayag at ipinoproklama ang sumusunod:

Kami, may hindi maipahayag na kagalakan, ay ipinoproklama ang darating na taon 2022, na "Maluwalhating Palmaryanong Banal na Taon ng Ating Ina ng Palmar Koronada", dahil sa ang ika-12 ng Setyembre ng taong iyon ay ang Panglimampung Anibersaryo, o Gintong Anibersaryo, ng Pagsasatrono ng Ating Ina ng Palmar Koronada sa Sagradong Lugar ng Lentisco sa El Palmar de Troya.



Ang Maluwalhating Palmaryanong Banal na Taon ng Ating Ina ng Palmar Koronada ay magsisimula sa pag-umpisa ng darating na ika-1 ng Enero sa taong 2022, at magtatapos sa hatinggabi sa ika-31 ng Disyembre ng kaparehong taon.

Ang isa sa pinakamahalagang mga araw sa kasaysayan ng El Palmar de Troya ay ang ika-12 ng Setyembre 1972, Kapistahan ng Matamis na Ngalan ni Maria nang, sa pamamagitan ng utos ng Panginoon sa seer na si Clemente Domínguez, ang Imahen ng Pinakabanal na Birheng Maria, ngayon ay pinagpipitagan sa ilalim ng titulo ng Ating Ina ng Palmar Koronada, ay isinatrono sa Sagradong Lugar sa Lentisco.

Ang Ating Panginoong Hesukristo noong Hulyo ng parehong taon na iyon, ay nag-utos na ang Sagradong Imahen na ito ay ilagay sa itaas, sa ibabaw ng Banal na Mukha: "... upang Siya ang manguna sa lahat at makita mula sa malayo... Gaano kayo masisiyahan sa pagdasal kasama Niya! Magdasal na nagkakaisa sa harapan Niya." Tunay na nanguna nga Siya sa lahat sa nagdaang limampung taon. Siya ang nanguna sa mahalagang mga kaganapan na tinuran sa nagdaang dalawang libong taon sa Apokalipsis, inihanda ang Sagradong Lugar ng Lentisco sa El Palmar de

Troya upang maging Banal na Pamunuan ng Simbahan sa disyerto, at pinapastulan ang buong kawan ni Kristo buhat dito.

Nang parehong araw na iyon ng pagkakalagay at inagurasyon ng Imahen ng Ating Ina ng Palmar, ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagsabi: “Mahal Kong mga anak: Ako ay labis na nagagalak



sa pagsatrono ng Aking Sagradong Imahen sa Sagradong Lugar na ito... Sa pagdambana ng imahen na ito, ang mga demonyo ay magiging kaunti ang kapangyarihan. Hayaang ang lahat ng mga bansa ay manawagan sa Akin sa ilalim ng titulo ng Ina ng Palmar. Padadaluyin Ko ang mga grasya sa lahat ng mga bansa.” Totoong tinupad Niya nang matapat ang mga pangakong ito, dahil tayong lahat ay napaburan ng saganang mga biyaya na patuloy Niyang ibinabahagi. Ang Imahen ng Ating Ina ng Palmar, ay sumisinag ng ganda at lambing na naglalarawan sa Kanya, na may ngiting mula sa Langit, patuloy na tinititigan ang Kanyang mga anak na sumasamo ng mga grasya at mga biyaya sa Kanyang paanan. “Kung gayon tayo ay lumapit sa dakilang tronong ito ng Grasya nang may tiwala, para makatamo ng awa at doon ay makatagpo ng tulong mula sa Diyos para sa ating mga pangangailangan.” (Hebreo).

Sa unang anibersaryo ng Kanyang pagsatrono sa Tronong ito ng Awa, ang Pinakabanal na Maria ay nagsabi: “Salamat sainyong lahat, Aking mahal na maliliit na mga anak, kayong mga narito sa araw na ito sa harapan ng trono ng inyong Ina at ng Sagradong Mukha ng inyong Diyos at Panginoon; dahil ito ang awtentiko, tunay at totoong lugar kung saan, simula noong ika-30 ng Marso 1968, pinili Kong magpakita sa maraming mga nilalang, at ito ang eksaktong lugar para sa pagdarasal, penitensiya at pagmuni, bilang pagpugay at pagpapasalamat sa Langit sa pagkakapili nito... Sa paligid ng Aking Imahen sa ilalim ng Matamis na Titulo ng Ina ng Palmar, magbibigay Ako ng espesyal na mga grasya sainyo at sainyong mga pamilya at mga kaibigan.”

Ang Unang Aparisyon ay “sa Lugar na ito, na eksaktong lugar kung saan nais Ko para makita, kung saan napakarami ang nakakita sa Akin dito. At gayunman, dahil sa kapalaluan ng tao at pagmamagaling, ang mga tao ay nagtipon sa paligid ng isang kahoy, kung saan sila ay nakatalikod dito sa Pinakabanal na Lugar... Ang mahalagang bagay ay ang Sagradong Mukha ng inyong Diyos at Tagapagligtas at ang Imahen ng inyong Ina ay narito... Para ano ang mga Imahen, Aking maliliit na mga anak? Para pagpitagan, ang mga iyon, Siya na isinasalarawan ng mga ito... Bigyang pugay ang lugar na pinili ng inyong Ina... Kaya manatili kayong nagkakaisa at sa panalangin. At kung kayo ay pupunta sa Sagradong Lugar na ito, dapat ninyong malaman na ang inyong lugar para sa pagdasal ay dito, sa harap ng Trono ng inyong Ina... para igalang ang Lugar na Kanyang pinili... Ang pangunahin, espesyal at awtentikong Lugar para sa panalangin ay sa harap ng Sagradong Mukha ng Ating



Panginoong Hesukristo at sa harap ng Trono ng inyong Ina ng Palmar. Pumarito kayo nang madalas, Aking maliliit na mga anak, ang lahat na maaari... Pumarito kayo nang madalas kung saan kayo ay makatatanggap ng Liwanag para magpatuloy sa darating na mga araw...”

Nang sumunod na taon, 1974, sa parehong petsa, ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagsabi: “Aking mahal na mga anak: Salamat sainyong lahat sa pagdalaw na ito sa napakadakila at napakagandang araw: Ang ika-12 ng Setyembre, araw ng Aking Matamis na Ngalan. At, maliban pa, sa araw na ito sa nakaraang dalawang taon, ang Aking Imahen sa ilalim ng Matamis na Titulo ng Ina ng Palmar ay isinatrono. Ang araw na ito ay isang araw ng malaking kagalakan na narito ang lahat ng Aking mga anak. O Aking pinakamamahal na mga anak! Napakaligaya Ko na kasama kayo, na pakinggan ang inyong mga dalangin, ang inyong mga debosyon, ang inyong mga alalahanin, ang iyong mga problema! Narito ang Aking Puso bilang Ina,

nakabukas para sa inyong lahat. Ako, ang inyong Ina sa Langit, laging handang mamagitan para sa lahat ng Aking mga anak. Patuloy Akong nagdarasal sa Mapitagang Trinidad para sa lahat ng Aking mga anak. Nagbibigay Ako ng pasasalamat sainyo sa pagtitipong ito, sa kapatirang ito, sa paligid ng inyong Ina.”

Noong Setyembre 1975, ang Ating Panginoong Hesukristo ay nagsabi sa mga mananampalatayang pumunta para sa Pista ng Matamis na Ngalan ni Maria at Pangatlong Anibersaryo ng Pagsatrono ng Imahen ng Ating Ina ng Palmar sa Lugar ng Lentisko: “Salamat sa peregrinasyong ito... Ang Aking Puso ay kuntento ngayon, dahil sa konsolasyong ito mula sa pinakamamahal Kong maliliit na mga anak na ito. Ang Aking Puso ay puno ng kasiyahan, tumitibok nang napakalakas puno ng pagmamahal para sainyo. Ang pagmamahal na mayroon Ako para sainyo ay napakalaki kung kaya ang Aking Puso ay napapalundag sa tuwa! O pinakamamahal na maliliit na mga anak... Ako ay natutuwa rin sa lahat sa pangkalahatan para sainyong presensiya sa Sagradong Lugar na ito. Kasama ang lahat! Gaano karaming reparasyon sa Sagradong Lugar na ito! Gaano kalaki nababawasan ang Galit ng Ama sa pamamagitan ng inyong mga panalangin, inyong mga sakripisyo, inyong mga penitensiya! Narito ang Katedra ng Mundo, ang Liwanag para sa Mundo, ang Parola sa Simbahan... Narito ang Liwanag, ang Parola, ang Bituin para sa mundo. Salamat sainyong lahat, para sa inyong kapayakan sa pagtanggap ng Katedra ng Liwanag para sa Simbahan at para sa mundo. Gaano karami sa mga matalino ang hindi pa tinatanggap ang Lugar na ito! Gaano karami sa mga maalam ang hindi pa pumupunta sa Sagradong Lugar na ito! Kaawa-awang mga baliw! Hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa! Pagdating ng araw ay magiging huli na para pumunta sa Sagradong Lugar na ito! Kung pupunta sila ang lahat ay tapos na! Mapalad kayo na tumatamasa ng kasiyahan ito! Sa kabila ng inyong mga kahinaan at ng inyong mga depekto, ay mayroon kayong kapayakan ng puso; kung hindi ay wala kayo sa parang na ito. Salamat sainyo lahat, ang Aking Puso ay naaliw, ang Aking Mukha ay nakatatanggap ng reparasyon at ang Ama ay napahuhupa. At higit sa lahat kayo ay may espesyal na selyo: ang pagmamahal na ipinopropeso ninyo para sa Pinakabanal na Birheng Maria. Ito



ang selyo na nagbubukod sainyo sa gitna ng mundo at sa inyong mga depekto, inyong mga kahinaan, inyong mga imperpeksiyon; subali't mahal ninyo si Maria, at dahan-dahan Niya kayong gagawing perpekto. Magtiwala sa Kanya, Siya ang inyong Ina! Ang Ina ng Palmar ay maghahari sa lahat ng mga bansa, isang araw na hindi na malayo. At ito ay matatamo ng inyong mga panalangin at inyong mga sakripisyo. Isang araw ay ipinangako na ang mga tao mula sa lahat ng mga bansa ay pupunta sa Sagradong Lugar na ito. Ang pangakong iyon ay natutupad na. Ang iba ay matutupad din. Ang Mundo ay ititiklop ang kanilang mga tuhod sa harap ng Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya: Ang Pinakadakilang Lugar ng mga Aparisyon simula't-simula, sa kasalukuyan at magpakailan pa man, kapag kayo ay manatili sa Grasya. Ito ay hindi panatisismo sa inyong panig. Ito ay isang katotohanan. Ang Pinakaimportante sa lahat ng mga Lugar ng mga Aparisyon at ng lahat ng mga Santuwaryo sa mundo, dahil kalooban ito ng Kataas-taasan. Manahimik ang tao kapag ang Diyos

ay kumikilos... Nais Kong ang Sagradong Lugar na ito, El Palmar de Troya, na maging suporta, ang tukod ng Aking Bikaryo... Kayo, pinakamamahal na mga anak ng Sagradong Lugar na ito, maging matibay kayo na nagkakaisa sa Papa; mahal in siya nang napakaalab; huwag kalimutang siya ang Kristo sa mundo.”

Gaano karaming mga grasya ang ipinadaloy ng Ating Ina ng Palmar Koronada sa Palmaryanong mananampalataya sa paglipas ng limampung taon simula ng Kanyang Pagsatrono! Huwag na huwag nating kalilimutan ang pagmamahal bilang isang Ina ng Pinakabanal na Birheng Maria sa El Palmar de Troya! Lagi Siyang narito na nakabukas ang mga bisig para sa Kanyang mga anak.

Mula sa Kanyang Trono bilang Reyna sa Lentisko, ang Ating Ina ng Palmar Koronada ay pinapastulan ang Simbahan at tinatanggap ang pamimitagan ng Kanyang mga anak; bumaling tayo nang may tiwala sa Kanyang makainang kandungan para tayo ay punuin Niya ng Kanyang mga grasya at mga biyaya.

Kahi't na ang Kanyang Maharlikang Trono ay nasa Sagradong Lugar ng Lentisko, ang Pinakabanal na Birheng Maria ay may iba pang mga trono sa mundo, dahil alam natin mula sa Palmaryanong Katekismo na “si Kristo at si Maria ay nakatrono sa lahat ng mga kasapi ng Simbahang Matagumpay at Naghihirap, at sa lahat ng mga kasapi ng Simbahang Militante na nasa estado ng Grasya.” Sa puso ng bawa't isa sa atin Siya ay may trono, upang mula roon Siya ay maghahari sa ating mga isip, mga salita at mga gawa, at samahan tayo sa matuwid bilang tao. Dapat tayo laging alerto sa Kanyang presensiya at may atensiyon sa Kanyang mga inspirasyon, para nang sa ganoon tayo ay patuloy na mabuhay ayon sa Kanyang mga nais bilang isang Ina at nang ang Pinakabanal na si Maria sa katotohanan ay maging Reyna ng ating mga puso.

Malungkot na nakikita natin na ang mga pamahalaan ng mundo ngayon ay nagkakaisa sa paglaban kay Kristo, at si Satanas ay naghahari sa mga puso ng lahat ng umabandona sa tunay na Pananampalataya. Ang Panginoon ay nagsabi sa masamang mga Hudyo: “Kayo, kung ganoon, ay gumagawa ng mga gawain ng inyong amang si Satanas... Kayo ay mga anak ng demonyo, at nais ninyong sundin ang mga nais ng inyong amang si Satanas”. Tayo, sa kabilang banda, kapag tayo ay nagluwalhati sa pagiging mga anak ni Mariang Pinakabanal, ay dapat gawin ang mga gawa ng ating Ina, gayahin ang Kanyang magagandang mga katangian at isakatuparan ang Kanyang mga nais bilang Ina sa pagdasal at penitensiya upang magampanan natin ang ating papel sa pagpapadali ng maluwalhating tagumpay ng Kanyang Imakuladong Puso.

Alalahanin na ang Banal na Taon ay isang Taon ng tunay na Pakikipagkasundo, na may oportunidad na makatamo ng Pangkalahatang Kapatawaran, gayundin ng Pinakaplenaryong mga Indulhensiya na, maliban sa pagpapatawad ng lahat ng temporal na parusang nararapat sa napatawad nang mortal at venial na mga kasalanan, ay mayroong birtud ng pagbibigay ng ekstraordinaryo, hindi mapasusubaliang mga grasya para makatamo ng kabanalan.

Ibinigay sa El Palmar de Troya, Apostolikong Pamunuan, noong ika-21 ng Nobyembre, Unang Linggo ng Banal na Advento, at Pista ng Pagpasok ng Batang Maria bilang isang Madre sa Templo sa edad na tatlong taon, at ni San Elias, Propeta, sa Taon ng Ating Panginoong Hesukristo MMXXI at pang-anim sa Aming Pagkapapa.



Kasama ng Aming Apostolikong Basbas
Petrus III, P.P.
Póntifex Máximus

Petrus III P.P.